


**Abstract**

This essay delves into the author's thoughts on dying and death, coupled with a recent COVID-19 case at home.

**Keywords**

Mamatay (to die), baril (gun), multo ng hinaharap (ghost of the future), test (test)

**English title**

What I Would Think About Before Dying

# KUNG ANO ANG MAIISIP KO BAGO MAMATAY

**EMMANUEL JAYSON V. BOLATA**

[Trigger warning: suicide, violence]

- Hindi ito isang suicide note. Sinimulan ni Albert Camus ang kanyang *The Myth of Sisyphus* sa pahayag na: "There is but one truly serious philosophical problem, and that is suicide." Lampas sa pangungusap na ito, "all the rest," hindi ko na alam. At bakit pa kailangang basahin? May sagot ako. Masyado akong duwag para ilagay ang buhay sa sariling mga kamay. Hahayaan ko na lang sigurong mabagsakan ako ng niyog at agarang matigok. Kaya tama ang basa mo: *Kung Ano ang Maiisip Ko bago Mamatay*. Hindi *Kung Ano ang Maiisip Ko bago Magpatiwakal*. Mali ka siguro ng binabasa. Doon ka sa presinto ni Eros Atalia magpaliwanag.

- Laging sumasagi sa isip ko na mamatay sa baril. Minsan, habang pababa ng overpass sa East Ave., biglang sasagi sa akin ang tagpo na sa dulo ng hagdanan, may isang maskaradong tao ang iuumang sa akin ang kanyang baril, pasasabugin ang aking mukha. Didiligin ng dugo, utak, at piraso ng bungo ang bangketa. Mabilis ang pangyayari. Ni

hindi ko magawang tumakbo. Sa isang iglap, kaluluwa na agad akong dumadampot ng nagkalagas-lagas kong katawan.

Maglalakad ako nang lilinga-linga sa bangketa, nag-aabang sa pagdating ng di-kilalang papatay sa akin. At wala naman. Didiretso ako sa kung ano mang lakad. Aangkas sa estribo ng bus pa-Fairview kahit na sa PHILCOA lamang ako bababa. Pinagmumunihan ko ang ganitong pagsagi ng kahindik-hindik na tagpo. Bakit ko ito naiisip? O bakit ito, bigla na lamang, mula sa kawalan, kikidlat na parang nagbababalang multo ng hinaharap? Mayroon akong na-develop na "Multo ng Hinaharap" sa bawat karima-rimarim na sitwasyon. Tingin ko, bahagi ito ng aking sariling coping mechanism, sariling survival instinct. Ido-double check ko ang pihit sa LPG dahil bigla na lamang lilitaw ang larawan ng isang bahay na pinasabog ng gas leak. Ilalayo ko ang kutsilyo sa mesa dahil mai-imagine ko ang aking paslit na pamangkin, habang wala ako, na makakapa ang patalim sa mesa at masasaksak ang sarili. Tutubigan ko nang tutubigan ang sahig ng banyo upang anurin sa drain ang lahat ng bula ng sabon, dahil sasagi sa isip ang eksena kung saan madudulas ako nang walang makakapitan at mababagok ang aking ulo sa pader. Matatagpuan ako ng aking roommate at landlady na patay na, hubo't hubad pa. Maliban sa manaka-nakang paninindak, nagagamit ko talaga itong Multo ng Hinaharap. Para akong si Dr. Strange, o ang Kapulisan sa *Minority Report*. O baka nga mas ganoon pa kay Alex sa *Final Destination*, na "dinadaya" ang Kamatayan.

Bakit baril? Hindi na ito nakasisindak para sa akin. Patay na ako no'n, e. Pero siguro, traumatic para sa ibang tao, sa mga saksi, sa mga kakilala ko. Narsisismo siguro ito. At wala akong pake kung bakit ko sinasabi ito rito dahil nga personal na sanaysay ito, hindi manwal ng pagpapatiwakal. Karamihan sa mga pagpaslang ay may entry sa history books. Sabi ni Sir Neil, palaging may tawag para sa katarungan, may awtomatikong "pagbabago" matapos ang ganitong mga tagpo ng pagkamatay. Kay Ninoy, kay Mark Welson Chua, kay Kian delos Santos. Sa mga magsasaka sa Mendiola. At bakit kailangan pang may mamatay para magkaroon ng sistemikong pagbabago, permanente o panandalian? Matimbang ang dugo. Mabigat na pasanin ang pagkakaroon ng dugo sa sariling kamay. Kaya nga naghugas ng kamay si Poncio Pilato. Kung mamamatay ako sa baril, ito lang siguro ang paraan para hindi ako malimutan.

May isang Facebook frame na kapag ginamit mo, ang hitsura ay may hawak kang baril na nakatutok sa taong tumitingin ng iyong profile picture. Iba-iba: mukha kang nanghoholdap, mukha kang nantitrip na pulis, mukha kang inspektor, mukha kang humuhugot, mukha kang tanga. May isang nagkomento na 'wag daw i-normalize ang ganoong terorismo, dahil palaging may takot at trauma na kaakibat ang panunutok ng baril, kahit na ito ay sa picture lamang. Kontra-punto sa 'yo, Ringo the Snowflake: kahit si Mao, sinasabing, "Political power grows out of the barrel of a gun." Sino ba ang may hawak ng baril? Mayroon akong minemoryang pahayag. Ezekiel 25:17. "Ang landas ng taong matuwid ay napalilibutan sa lahat ng dako ng ganid at paniniil ng masasamang tao. Mapalad siya na, sa ngalan ng kawanggawa at kabutihang-loob, ipinapastol ang mahihina sa lambak ng dilim, sapagkat siya ay tunay na tagabantay ng kaniyang kapatid at tagahanap ng nawawalang mga anak. At aking parurusahan nang may matinding paghihiganti at galit yaong mga nagtatangkang lasunin at wasakin ang aking mga kapatid. At malalaman ninyo na ako ang Panginoon kapag naghihiganti ako sa inyo." Ngayon, matagal ko nang sinasabi iyan. At kung narinig mo na ito, tumbong mo ang tinutukoy ko. Patay ka sa akin ngayon. Hindi ko gaanong iniisip ang ibig sabihin nito. Akala ko panindak lang 'yon na sinasabi sa isang putang-ina bago ko pasabugin ang kanyang tumbong. Pero dahil sa mga bagay na nakita ko nitong umaga, napadalawang-isip ako. Kita mo, ngayon iniisip ko: siguro, ang ibig sabihin nito ay ikaw ang masamang tao. At ako ang mabuting tao. At si Mr. 9mm dito, siya ang pastol na nagpoprotekta sa aking matuwid na tumbong sa lambak ng dilim. O puwedeng ikaw ang mabuting tao at ako ang pastol at ang mundong ito ang masama at ganid. At gusto ko 'yan. Ngunit hindi 'yan ang katotohanan. Ang totoo ay mahina ka. At ako ang paniniil ng masasamang tao. Pero sinisikap ko, Ringo. Sinisikap kong maigi na maging pastol.

- Hindi ako lumaki nang may gintong kutsara sa bibig. Ngayong may pandemya, ipinapaalala sa akin na hindi dapat ako magkasakit. Dahil wala akong pampagamot. Dahil wala akong kakilalang makapangyarihan. May isa akong katrabaho. Nagkasakit ang kaniyang mga kapamilya. Magastos man, pero afford nilang magkasakit. Isang tawag lang sa kakilalang opisyal ng lungsod, si konsehal, si meyor, madali na ang magpa-test kung kinakailangan. At hindi ko na alam

kung ano pang kalakaran, pailalim man o hindi, ang hindi niya sinasabi. Bumabaha ng masusustansiyang pagkain para sa kanilang agarang paggaling. Baka nga mabulok pa ang iba dahil hindi na nagalaw. "Sino'ng may gusto?" Meron naman 'ka ko kaming pambili. 'Yung peras ko nga sa kusina naging patatas na. Salamat na lang sa lahat.

Naisip ko, baga at sikmura lang ang panlaban ko. At tigas ng mukha. Puwede siguro akong humingi ng donasyon, pero malamang di ko rin gagawin, dahil hindi ako mahingi o mautang na tao. Minana ko sa tatay ko. Magutom na lang kaysa sa mangutang. Mas mahirap bayaran ang utang na loob. Namana ko rin ang ganitong kawalang-tiwala sa ibang tao at pagtitiwala na lamang sa sarili, sakaling wala nang masilungan. Ayokong dumating ang panahon na sisingilin ako ng utang na loob. Paalala ni Papa: ang utang na loob ay tinatanaw, hindi binabayaran. Iisipin ko na lang, malayo naman 'yan sa bituka. Noong sinesermunan ako ng tatay ko dati, sinasabi niyang, "Bata ka pa lang, mahina na ang pulmon mo." Hindi siya galit noon. Kundi malungkot na umaalala. At iniisip ang kapakanan ko sa puntong iyon ng panenermon sa akin. Labas-masok daw ako noon sa ospital. Nasaid ang ipon ng aking mga magulang, na noo'y ipinagkakasya ang sahod mula sa kani-kanilang trabaho. Merchandiser sa mall at klerk sa kumpanya. Siguro, sa kakalakad sa Ilaya at sa UP (ang nauna, dahil walang sasakyan paahon; ang ikalawa, dahil walang pamasahe), lumakas-lakas na rin ang baga ko. Nakumpirma ko ito sa kasama kong mag-jogging na mabilis hingalin sa takbo.

"Alam ko laman pera ko 50 pesos na lang haha"

"ulol gagu haha"

"ikaw pa ba"

"Oo kuya dayukdok na ako eh"

"sows nasa BPI kaperahan mo eh"

"hahaha"

"magpadala ka naman daw kay mommy"

"Pag nagkacovid ako papatay na lang ako"

"haha"

"mandadamay pa ampucha"

"magpapatay"

"Hahaha"

"hahaha"

"Hindi papatay ng ibang tao"

"Hahaha"
"Pero puwede rin"

▪ AY, NAHULOG! Ang karit ni Kamatayan ay nasa anyo ng mga bagay na babagsak sa aking bumbunan at maglalasog-lasog sa aking bungo. Niyog, hollow block, tasa, bato, ikaw na bahalang umisip. Imagination mo ang limit. Kalaunan, sa presinto, kukuhanan ng mugshot si Bagay na Nahulog at si Gravity. Kaso: Homicide. Ako ang biktima.

Naisip kong sumulat ng isang maikling kuwento tungkol sa isang estudyante na walang direksiyon ang buhay, at sa puntong natuklasan na niya ang kanyang halaga sa mundo at naghihintay ng pag-asa ng kinaumagahan, saka naman siya mababagsakan ng kisame. Hinango ko ito sa pelikula ni Richard Somes, *El Peste*. Bida si Mon Confiado. Trabaho niya ang maglason ng daga. Peak noir. Hindi ko nga alam kung bakit hindi ito masyadong bumenta. Kung meron man tayong *The Postman Always Rings Twice* ng Pinas, ito ay ang *El Peste*. Sa ikapitong murder sa *And Then There Were None* ni Agatha Christie, napisat ang private detective na si Blore ng batong orasan na nahulog mula sa bintana. Nang mabuhay ulit si Sherlock Holmes sa *The Adventure of the Empty House* matapos ang kaniyang hiatus sa Reichenbach, isa sa mga paraan para patayin siya ng mga bataan ni Professor Moriarty ay ang paghuhulog ng mga bato sa ungos ng bangin kung saan siya pansamantalang nagkukubli.

Habang nagsasampay ng kumot sa ikalawang palapag ng dorm, natabig ng basang laylayan ng aking sinampay ang tasa ni Emman. Gumulong ito mula sa pasamano pababa sa yero hanggang sa paahon na sementadong kalsada. Basag! Inalala ko agad ang baso. 'Wag ko na raw palitan, marami naman daw siyang baso. Si Ems, ang inalala, kung mayroong dumadaan sa eskinita. Mayroon pa namang mga naglalakad doong tambay, courier, o mga batang naglalaro. "Buti walang dumadaan, nabagsakan sana." Napalitan ko man ng sojung may shotglass ni IU ang nabasag na baso ni Emman, patuloy pa rin akong binibisita ng Multo ng Hinaharap tuwing nagsasampay sa ikalawang palapag.

Sa Marinduque, nababanggit ng isang banyagang historyador ang takot niya sa mga nahuhulog na niyog. May larawan siya ng butas na bubong. Niyog ang may kasalanan. Mas karaniwang sandata ng kalikasan. At mas madalas na mahulog kaysa kay Sergeant Kong

at sa kanyang Dear John. Minsang sinabi ni Einstein, "Gravity is not responsible for people falling in love." Hindi ako naniniwala. Kasalanan itong lahat ni Gravity. Pananagutan niya ang feeling-Jackie Chan na estudyanteng tumalon at binutas ang berdeng bubong ng iskul, gayundin ang sinapit nina Agik-Nung-Ginagawa-Mu at Dunk-It-Jonathan. Paliwanag ni Bomen Guillermo: ". . . ang grabedad ang pumipigil na sumabog sa calauacan ang lahat nang iicha nang Dios. Ang grabedad ang naninigurong iisa lamang ang cahologan nang bauat bagay at salita." Tugon kay Einstein: Kasalanan ni Gravity, hindi lang ang pagkahulog ng tao, kundi ang pagkahulog din ng mga pamatay na niyog. Sa talinghaga ng pagkahulog nagsasanib ang eros at thanatos.

- Amy Ziering Kofman: Just whatever you say about love.
  Jacques Derrida: About what?
  AZK: Love.
  JD: Love or Death? (*L'amour ou la mort?*)
  AZK: Love, not death. We've heard enough about death.
  JD: Love?
  AZK: Love.
  JD: I have nothing to say about love.

- Maski kay Freud, magkatali ang usapin ng pag-ibig at kamatayan. Sa ganitong diwa maibubuod ang *Beyond the Pleasure Principle.* Lampas sa nasa ang ngumangatngat na ligalig ng kamatayan. Habang napapaisip ako tungkol dito, nasa pagitan ako ng dalawang nag-uumpugang bato. Una kong inaalala si Bebeh. Ayon sa isang tiyuhin, mas gugustuhin daw niyang maunang mamatay kaysa sa kanyang asawa. Baka kasi hindi niya kayanin ang kirot ng pagkawala at lumbay ng pag-iisa. Napanood ko na ito kay Carl Fredricksen ng *Up.* At sa iyak ni Lolo nang malamang pumanaw na si Lola. Hindi pa noon malaman ni Tita Irene kung paano sasabihin. Kumakain noon ng hilaw na mangga ang matanda. Nang kausapin, hindi pa makapaniwala ang Lolo, hanggang sa humiyaw na ito at halos matumba. Noon ko lang siya nakita sa ganoong estado ng di-masukat na pighati. Masayahin at madaldal kasi siya pag lasing; kapag di lasing, seryoso at tahimik na nag-aasikaso ng tanim at bulaw. Magkahalong mura at tawag sa Poon ang narinig ko noon. Madiin ang hawak niya sa may kagat na mangga.

Marami na rin akong nababalitaan na mag-asawang hindi nalalayo ang araw ng pagpanaw. Kumbaga agad nilang sinusundan sa kabilang buhay ang kabiyak. Ayaw kong mauna ang aking kabiyak dahil palagi kong bibitbitin ang kanyang kawalan. Ngunit ayaw ko rin namang mauna, dahil ayaw ko rin namang ilipat sa kanya ang pagbibitbit. Makadadagdag pa ako sa kanyang bagahe. Maaari sigurong sabay na lang naming pindutin ang button? Hindi pa naman panahon. Dalawang matanda ang magkayakap sa kama habang unti-unting nilalamon ng tubig ang kanilang silid sa papalubog na barko.

- Teodoro Agoncillo kay Ambeth Ocampo, 16 Agosto 1984: I am philosophical when it comes to death. Hindi ako natatakot. Noong panahon lang ng Hapon e . . . nagbobomba na ang Hapon, bakit ang mga tao nangangaykay ng ganiyan, nag-iiyakan, nagsisigawan. Ako, nanonood pa ng ganiyan. [laughs] Maaari, ang katwiran ko, this is my only chance to see war! 'Yung nagbobomba nanonood ako! [laughs] Noong binobomba 'yung ano, I was in Plaza Lawton, ang Plaza Lawton 'yung where the Bonifacio monument stands 'no? Binomba ng mga Hapon 'yung mga barko sa Pasig River ng ganiyan sa may Jones Bridge. Ang tinamaan ay ang Sto. Domingo Church at ang what is now the Treasury, 'yung Intendencia, ano ha? 'Yung ano pa ang tinamaan noon, 'yung DMHM building, 'yun ang tinamaan. Hindi tinamaan ang barko. I saw it actually, because I was in Plaza Lawton. Naku, pati tao nakikita ko 'yung ano pagbobomba. It was an experience, chance of a lifetime na hindi mo makikita. E, noong araw, gaganiyan ka lang bawal na e, pipituhan ka ng pulis. Ako e, fatalistic ako sa ganiyan e. 'Ka ko pag namatay ka, maski natutulog ka.

- 21 Abril 2021, kinaumagahan matapos kong simulan ang draft nito, kinausap ako ng aking roommate na si J. Bigla na lamang niyang binanggit na nagpa-swab siya sa Dagohoy. Libre naman daw. Dagdag niya, nitong nakaraan ay parating sumasakit ang kanyang ulo. Hindi naman daw siya nilagnat. Nawalan lamang ng panlasa. Amoy disgrasya. Sa loob ng dalawang araw pa yata ang labas ng resulta ng RT-PCR.

  Nabanggit niya ang malalalang kaso: kapag nagkaroon daw ng pneumonia at hindi na makahinga. Iyon yata ang nangangailangan ng mga tangke ng oxygen. Binanggit ko na mahina ang pulmon ko noong

bata pa ako. At bago ako pumasok sa unibersidad, na-diagnose ako sa medical examination na may tuberculosis. Hindi ko rin alam kung saan iyon galing. Maaaring dahil sa second-hand smoking mula sa isa kong tiyang palaging naninigarilyo, o sa hilig ko sa pagpapaningas ng uling at bunot sa dupungan para magluto. Umuwi kami ng Marinduque at binigyan ako ng tiyuhing doktor ng dalawang kahon ng gamot. Madali namang gamutin ang TB; kahit sa probinsiya ay may mga TB DOTS na. Pagpasok ko noong Agosto 2014, magaling na ako. Wala nang plemang may kahalong dugo.

- Iginugol ko ang oras sa pagpipintura ng aking dingding. Puti para malinis tingnan. Nitong mga nakaraang buwan, pinuntirya ito ng molds. Namangha na lamang ako sa kanilang likas na pagkalat. Natural na pagpipinta, tila gumuguhit ng agos ng tubig na bubuhay ng mga kabihasna't imperyo. At siyempre, hindi na kailangang sabihing baga ko ang kanilang sasakupin. Sa Daiso may mga dehumidifier na may tatlong piraso kada set. Itinaktak ko sa plastic pan ang natitirang puting pintura. Lampas sandaan lamang ang isang lata ng spray paint sa True Value. Ang tanga-tanga ko lang at tinesting ko sa pader. Sulasok lang ang nakuha ko sa wala pang dalawang ruler na inabot ng isang lata. Kaya sinubukan ko na lamang sa dalawang mesa hanggang sa abutin ako ng araw. Payo ni Sir Alvin, sticker wallpaper na lang daw sana. Tama siya, nababakbak ang pintura sa plastik. Sabi ni Kuya Aaron, lihain ko daw muna para kumapit. Wala akong liha, ubos na ang pintura. Nag-aksaya ako ng halos limang daan. Dumating ang apat na litro ng Boysen matapos ang tatlong araw.

  Nakisama naman ang sementong dingding sa hagod at gulong ng brush at roller. Matingkad ang puti, mukha nang malinis. May pagka-espiritwal: tingin ko ay budhi ko ang pader na aking nililinis ng mga bahid ng kasalanan. Parang pagpapatianod ng pighati tuwing aahon sa tubig. Allan Popa sa "Salam": Iiwan kong umaagos/ sa katawan ang dalamhati. "It's clean," sabi ni Travis Bickle, "real clean. Like my conscience."

- Unang larawan/scenario: Sa kisame, binalatan ang manipis na plywood at bumuhos ang ngatngat ng anay, butil ng kahoy, alikabok, agiw, lupa, munting bato . . . tinungkab ko pa ang siwang, inilusot ko ang kamay

ko . . . nang may humila sa akin! Binatak ko, duguang kamay, putol, biglang dumilim—

Ikalawang larawan/scenario: Ito talaga ang nangyari: hinatak ko ang packing tape na tumatakip sa butas na kisame, at naligo ako sa dumi ng agiw, alikabok, ngatngat. Napamura na lang ako. Tapos may nahulog na baraha mula sa butas. Parang paruparong nawalan ng malay, marahan ang bagsak. Tumindig ang balahibo ko. Naniniwala pa rin ako sa pamahiin. Anong klaseng premonisyon ito?

Ate Ching: Sa Chinese superstitious belief, "four" is associated with death. Although may clover, kaso black. Laging maging maingat. God bless . . . kung mayroon kang insenso o kung may religious image ka, mainam na maglagay then gawing well-lighted ang silid. Iyong bilang clover leaf, divisible din by four, so negative energy iyon. Stay safe at mainam ang pagdarasal.

- Sa kaarawan ni Mama nitong buwan, nag-PM siya sa akin. Isang litrato ng bila-bila, orange ang kulay, nakadapo sa aming dingding sa bahay sa Bognuyan. "'Toy may dumalaw sa bahay kanina ohh! 'Yan 'yung butterfly na nakita ko nu'ng pagtapos ng libing ni papa mo." Dingding iyon sa lababo, na may beige na sticker wallpaper at munting orange na kurtinang nakalaylay sa itaas. Sa gitna nito, may nakasabit na scroll ng panalangin na may nakalawit na tassel. Sinubukan daw hulihin ni Mama ang bila-bila ngunit tumakas ito sa maliit na butas sa bubungan.

  "Orange favorite color ni papa mo."

  "Akala ko blue."

  "Orange."

  Binanggit ko ito sa mga kaibigan. Sabi ng isang mapamahiin din, sana nga si Papa mo iyan. Baka daw ibang kaluluwa. TikTok ni Philip Tanasas: Pumunta si Mare kay 'Nay. "Ano ngayong pag-usapan natin ngayon, Mare?" "'Yung utang mo, huy!" Tumunog ang cellphone ni Mare, nagpasintabi kay 'Nay para sagutin. "Huy, Mare bukas ka na lang pumunta sa bahay andito pa kami sa mall naggo-grocery sa'n ka na ba ngayon?" "Ha? Andito 'ko sa bahay n'yo huy! Pero kung nasa mall ka Mare sino 'tong kausap ko?"

  May ipininta ang aking kapatid ilang taon na ang nakararaan. Sa isang hindi na ginagamit na plywood. Dalawang bulaklak, asul at pula. Sa magkabilang gilid ay may bila-bila. Muli ko itong nakita sa

background ng My Day ni Mama. Ngayon ko lang napagtanto: orange ang kulay ng kanilang mga pakpak.

- Mag-aalas-dos ng 24 Abril 2021: Nagpositibo sa antigen test ang isa naming kasama sa boarding house. Kaarawan pa naman niya kinabukasan.